THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS
# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 51* Disyembre 18-24, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PNP "OPERATION CHRISTMAS DROP", UMARANGKADA SA BUONG BANSA

*sundan sa pahina 3*










## 11 High Powered Firearms, boluntaryong isinuko sa PNP

*sundan sa pahina 10*

## Php4.8M marijuana bricks, nasamsam at 3 drug courier, arestado sa checkpoint


*sundan sa pahina 11*



## PULISYAPEDIA

**Saan maaaring dumulog ang biktima ng online sexual harassment?**

Ayon sa Safe Spaces Act, ang mga biktima ng gender-based sexual harassment sa iba't ibang online platform ay maaaring makipag-ugnayan sa PNP Anti-Cybercrime Group. Sila ang pangunahing ahensya na inatasan ng batas na tumanggap ng mga reklamo na may kinalaman sa online sexual harassment.




## E - SUMBONG



*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

**PGEN DIONARDO B CARLOS**

# Listahan ng ipinagbabawal na paputok sa Gitnang Luzon



**Pinaalalahanan muli ni PBGen Matthew P Baccay, Regional Director, Police Regional Office 3 ang mga residente ng Gitnang Luzon na ang pagbebenta ng paputok sa labas ng itinalagang firecracker zone ay ipinagbabawal at may karampatang parusa ang sinumang lalabag dito.**

Inilahad din ni PBGen Baccay ang listahan ng ipinagbabawal na paputok kasama na dito ang Watusi, Piccolo, Poppop, Five-Star, Pla-Pla, Lolo Thunder, Giant Bawang, Giant Whistle Bomb, Atomic Bomb, Super Lolo, Atomic Triangle, Goodbye Bading, Large Size Judas Belt, Goodbye Philippines, Goodbye De Lima, Bin Laden, Hello Columbia, Goodbye Napoles, Mother Rockets, Coke-In-Can, Super Yolanda, Pillbox, Boga, Kwitos and Kabasi.

Isinaad pa ng Ama ng Rehiyon na ipinagbabawal din ang mga oversized, overweight at walang label na paputok at pyrotechnic devices (FCPDs), mga imported na paputok at iba pang brand na katumbas ng mga nabanggit na ipinagbabawal.

Samantala, ang mga kasama naman sa listahan ng maaaring ibenta at gamitin ay ang Baby Rocket, Bawang, El Diablo, Judas Belt, Paper Caps, Pulling of Strings, Sky Rocket, Small Triangulo. Ang pyrotechnic device naman na maaaring ibenta at magamit ay ang mga Butterfly, Fountain, Jumbo Regular and Special, Luces, Mabuhay, Roman Candle, Sparklers, Trompillo and Whistle Device.

Pinasiguraduhan naman ni PBGen. Baccay na mapapatawan ng karampatang parusa ang sinumang mahuling gagamit o magbebenta na kasama sa listahan ng ipinagbabawal na paputok.

## PRO8 PNP, nagsagawa ng Clearing Operations sa buong probinsya ng Southern Leyte






**Alinsunod sa direktiba ni C, PNP General Dionardo Carlos ay nagsagawa ng Clearing Operations ang mga tauhan ng Police Regional Office 8 sa buong probinsya ng Southern Leyte na matindi ang pinsalang natamo mula sa pananalasa ng Bagyong Odette.**

Matatandaang naging 1st responder si PBGen Rommel Cabagnot, ang Regional Director ng PRO8 bago pa man manalasa ang nasabing bagyo upang tiyakin ang naging preparasyon ng bawat lugar sa pagdating ng bagyo at siya rin ngayon ang nanguna sa pagresponde matapos ang kalulunos lunos na sinapit ng probinsya ng Southern Leyte mula sa hagupit ni "Odette".

Ito ay patunay lamang na sa kabila ng mga delubyong dumating gawa ng kalikasan ay nariyan pa din ang diwa ng bayanihan ng ating kapulisan katuwang ang iba pang ahensya ng gobyerno na hangad ay agad na makabangong muli ang buong probinsya sa pagkakalugmok dahil sa bagyong tumama sa lugar.

# 3 PNP Search and Rescue Trucks with Water Desalination Machine tumulak sa Visayas

**Camp Crame, Quezon City (December 23, 2021) - Bumiyahe ngayong gabi at inaasahang makarating kinabukasan ang 17 trained PNP personnel dala ang Search and Rescue Vehicle (SAR) with water desalination machine patungong Rehiyon 7 at 8 upang tumulong sa mga kababayan nating naging biktima ng bagyong "Odette". Ang mga pulis ay nagmula sa Special Action Force, Police Regional Office 2 at Police Regional Office 5.**




Bago lumakad ang tropa ay nagbigay ng konting mensahe si PBGen Arnel Amor Libed, ang Executive Officer ng DPCR sa mga operator ng Disaster Response Equipment tungkol sa kanilang pakay sa Visayas. Ang mga trucks ay kasama ang tatlong (3) rescue vehicle, water purifiers, portable movable toilets, collapsible tents, lighting apparatus, lifeboats, personal rescue equipment, at search sound detector na inilaan para sa search and rescue operations.

Ang SAR trucks na naglalaman ng Disaster Response Equipment ay donasyon mula sa Japanese Ambassador na si Kazuhiko Koshikawa. Ang mobile water desalination machine na nasa loob ng SAR trucks ay kayang gumawa ng 7.2 tons ng drinking water kada isang araw gamit lamang ang isang set ng filter.

Ito ay binubuo ng tatlong (3) rescue vehicle, water purifier, portable movable toilet, collapsible tent, lighting apparatus, lifeboat, personal rescue equipment, at search sound detector na inilaan para sa search and rescue operations.

Kabilang dito ang water purifier o Desalination machine kung saan ay nililinis nito o sinasala ang tubig alat o tubig tabang na maging sariwang tubig o fresh water na puwedeng inumin ng mga tao.

Ang kagamitang ito ay malaking tulong sa mga rehiyon na nasalanta ng bagyong "Odette" at matugunan ang kakulangan ng tubig inumin na siyang lubos na kailangan ng ating mga kababayan.

# PNP "Operation Christmas Drop", umarangkada sa buong bansa




**Bagama't ramdam pa rin ang iniwang pinsala ng Bagyong Odette sa Visayas at Mindanao, pinaigting ng Philippine National Police (PNP) ang pagbibigay ng ayuda sa nangangailangang mamamayan sa pamamagitan ng "Operation Christmas Drop".**

Ang tinaguriang "Operation Christmas Drop" ay inilunsad kamakailan ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos para sa pamimigay ng anumang tulong mula sa kapulisan para sa ating mga kababayan na lubos na nangangailangan.


Nakiisa naman ang iba't ibang Police Regional Offices sa nasabing aktibidad, na tunay ngang naging makabuluhan dahil sa galak at pasasalamat ng lahat ng mga nahandugan ng tulong.

Namahagi ng mga groceries na naglalaman ng bigas at noche buena package ang ating mga kapulisan at food packs at mga laruan naman ang kanilang handog para sa mga bata.

Ang layunin ng programa ay makapaghatid ng tuwa, pag-asa at upang muling masilayan ang mga matatamis na ngiti ng ating mga kababayang labis na naapektuhan ng pandemya at kalamidad higit lalo ang mga bata ngayong kapaskuhan.

Tunay nga na hindi sa liit o laki nasusukat ang tunay na pagtulong kundi sa pusong handang magsilbi at umalalay para sa iba na walang hinihinging kapalit – at yan ang ating Pulis ng Pilipino, yan ang Tatak PNP!

## Mahigit kumulang Php4.5M handog ng Pulis Cordillera para sa mga nasalanta ng bagyong Odette




**Umabot sa mahigit kumulang Php4.5 na milyong peso ang nakolekta at ituturn-over ng Police Regional Office Cordillera (PROCOR) bilang donasyon para sa mga biktima ng bagyong Odette.**


Ayon kay PCpt Marnie Abellanida, Public Information Officer, PROCOR, bawat kapulisan ng Cordillera ay boluntaryong nagbigay mula sa kanilang sahod ng Php500 at Php100 naman ang galing sa mga Non-Uniformed Personnel.

Matatandaang noong Disyembre 21 ay nauna ng nagpadala ang PROCOR sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Ronald O Lee ng assorted relief goods na nagkakahalaga ng Php539,828 para sa mga biktima ng naturang bagyo sa Cebu at Bohol.

Samantala, patuloy pa rin ang pagdagsa ng mga donasyon mula sa iba't ibang Provincial Police Offices sa naturang rehiyon na siyang susunod na ihahatid naman para sa mga nasalanta.

Ang naturang donation drive ay bahagi pa rin ng programa ng PROCOR na Oplan Binadang.

# PNP, patuloy ang pagtulong sa VisMin




**Camp Crame (December 23, 2021) - Sa patuloy na pagbangon ng ating mga kababayan sa pinsala at bangungot na dala ng bagyong Odette sa parteng Visayas at Mindanao ay patuloy din ang pagpapaabot ng tulong at operasyon ng Philippine National Police (PNP) para tulungang makabangon ang ating mga kababayan na naapektuhan ng kalamidad.**

Ayon sa tala ng PNP Command Center noong Disyembre 23, 2021, mayroong 46,162 na pamilya ang apektado dahil sa bagyong Odette, 5,705 Evacuation Centers ang okupado sa kasalukuyan na binabantayan naman ng ating 918 na kapulisan.

1,867 ang kapulisan na nakadeploy sa Search and Rescue (SAR) operation at 1,655 ang Reactionary Standby Support Force (RSSF).

Dahil sa labis na pinsalang dala ng Super Typhoon, 71 na lugar ang naging apektado ng baha at 2,313 ang na-stranded sa Airports at Seaports dahil sa pagkaantala ng mga biyahe.

Dahil na rin sa pagkakasira ng mga maraming poste at pagkakabuwal ng mga malalaking puno sanhi ng lakas ng hangin dulot ng bagyo, may 203 na lugar pa rin ang walang supply ng kuryente sa kasaluyukan, 1,292 ang lugar na walang cellular communication at may tatlong (3) pang daan ang hindi maaaring gamitin.

Maging ang ating mga kasamahan sa PNP ay hindi pinalagpas ni Odette kung saan 3,669 ang apektado kabilang na dito ang Non-Uniformed Personnel (NUP).

Sa kasamaang palad mayroon ng kumpirmadong namatay na 115 sa pagsalanta ni Odette, 883 ang mga nasaktan at 64 ang patuloy pa rin na hinahanap ng ating mga awtoridad.

Ang PNP ay nakapagsagawa na ng 601 Relief Operations, 329 Rescue Operation kung saan 5,127 ang kabuuang nailigtas na katao.

Mayroong tinatayang halaga ng pinsala ang Bagyong Odette na Php81,260,000, kung saan Php1,100,000 para sa mga kabahayan at 3,680 naman ang napinsala na imprastruktura na nagkakahalaga ng Php80,150,000.

Sa kabila ng pagbayo ni Odette sa Kabisayaan at sa parteng Mindanao patuloy parin ang bayanihan ng ating mga kababayan kasama ang lokal na pamahalaan, Non-Government Organizations, Lingkod Bayan Advocacy Support Groups at ng PNP.

Sa nalalapit na pasko nawa ay pag-asa ng pagbangon ang ating maihatid sa ating kababayan na labis na naapektuhan ng Bagyong Odette.

Makakaasa naman ang lahat na ang PNP ay patuloy na aalalay at magpapaabot ng suporta at tulong sa VisMin.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## PNP, handa para sa COVID-19 Vaccination Drive sa mga bata

Nakahanda na ang Philippine National Police para tulungan ang Department of Health sa nalalapit na COVID-19 pediatric vaccination para sa 5 hanggang 11 taong gulang ngayong Enero 2022.

Mas magiging crucial ang vaccination drive na ito lalo na't mga bata ang babakunahan. Kaya naman, mahalaga ang masusing paghahanda at koordinasyon sa DOH, lokal na pamahalaan at mga magulang ng mga bata para rito. Samantala, nakalatag na naman ang ating preparasyon dahil hindi lang naman ito ang unang magiging bakunahan na makikipagtulungan ang PNP.

Naging matagumpay naman ang mga nagdaang bakunahan sa ating bansa at isa sa ating naging tugon dito ay ang pagpapanatili ng kaayusan at seguridad ng iba't ibang vaccination area at pakikiisa ng ating mga pulis sa aktwal na bakunahan. Tinitiyak din natin na sapat ang bilang ng mga pulis na makikiisa at tutulong sa DOH para sa aktibidad na ito.

Marami tayong mga trained personnel na magsasagawa ng pagbabakuna kabilang dito ang mga miyembro ng PNP Medical Reserve Force na magsisilbing kaagapay sa pagbabakuna ng ating pamahalaan. Nakaagapay din ang ating hanay mula sa pagdadala ng mga bakuna sa mga lugar hanggang sa mismong mga araw na isasagawa ang mass vaccination. Magtatalaga din tayo ng karagdagan medical team at vaccination sites para matugunan ang pagdagsa ng mga bata na magpapabakuna.

Sa kasalukuyan, hinihintay na lang natin ang ilalabas na specific guidelines mula sa IATF ukol dito. Pinapaalalahanan naman natin ang mga magulang o tagapag-alaga na sasama sa mga bata sa araw ng bakunahan na laging maging maingat at maging isang halimbawa sa pagsunod sa safety health protocols.

Hinihikayat din natin ang mga magulang na pabakunahan ang inyong mga anak para mabigyan ng proteksyon laban sa banta ng COVID-19 lalo na't ito ay bilang paghahanda na rin sa posibleng face-to-face classes ng ating mga anak sa susunod na taon.

# EDITORYAL

## Buhay na buhay ang diwa ng pasko sa panahon ng bagyo

Ang kapaskuhan ay panahon ng pagbibigayan ngunit ang bagyong Odette ang nagbigay sa atin ng matibay na rason hindi lamang para magbigay ng mga materyal na bagay kundi parte ng ating mga sarili para sa ating mga kababayang lubos na naapektuhan ng bagyo.

Ang bagyong Odette ang pinakamalakas na bagyo na tumama sa ating bansa ngayong taon at siyang labis na naminsala sa malaking parte ng Visayas at Mindanao at nagdulot ng pagdurusa sa ating mga kababayan. Nasira ang kanilang mga tahanan at kabuhayan higit sa lahat ang pag-asang nagsisimulang sumibol dahil sa unti-unti sanang pagbangon mula sa pandemya.

Ngunit kahit ilang bagyo, kalamidad at sakuna man ang humagupit sa atin patuloy parin natin itong nalalampasan dahil sa pagdadamayan at pagtutulungan ng bawat isa. Bawat Pilipino ay gumagawa ng sariling pamamaraan upang makapagbigay tulong sa ating mga kababayang lubusang nalugmok ng mga sunod sunod na hagupit ng mga sakuna sa ating bansa.

Bunsod nga nito, agad isinagawa ng pambansang pulisya sa pangunguna ng ama nito ang "Operation Christmas Drop" o ang pamimigay ng relief goods gamit ang mga chopper ng PNP. Isa ito sa pinakamainam na programa na siyang nagtitiyak ng madaliang paghahatid ng tulong kahit pa sa mga lugar na hindi naaabot ng mga sasakyan bunsod ng malubhang pinsala sa mga daan.

Ang mga nalikom na relief good na ibinabahagi sa ating mga kababayan sa Visayas at Mindanao ay mula sa donasyon ng mga miyembro ng Coalition of Lingkod Bayan and Advocacy Support Groups at sa mga miyembro ng pambansang pulisya na boluntaryong nagbigay ng parte ng kanilang sweldo para maipandagdag tulong.

Bukod dito, bumuo din ang pambansang pulisya ng "water cops" na siyang ipinadala sa mga lugar na labis na nasalanta ng bagyo upang maibsan ang kakulangan ng maiinom na tubig gamit ang tatlong truck na mayroong desalination machine. Sa pamamagitan ng water desalination machine, ang tubig-alat o tubig mula sa ilog ay napoproseso upang maging malinis na inuming tubig. Ang tatlong truck na mayroong desalination machine ay ipinagkaloob ng Japanese government noong nakaraang buwan.

Ang mga pagsisikap na ito ang siyang isinasagawa ng mga tanggapan ng pambansang pulisya sa ibang parte ng bansa na hindi apektado ng bagyong Odette sapagka't ang mga kapulisan natin na nasa mga lugar na labis na sinalanta ng bagyong ito ang nangunguna sa rescue at clearing operation.

Lubos ang pasasalamat ng buong kapulisan sa lahat ng ating mga kababayan na nakiisa saating hangaring makapagbigay tulong sa mga biktima ng bagyong Odette. Ang inyong tulong ang magiging inspirasyon ng ating mga kababayang hinagupit ng bagyo upang magsimula at bumangon muli. Marami mang Odette ang dumating, maaasahan ninyo ang inyong pambansang pulisya sa tulong ng nagkakaisang mga sektor ng komunidad upang magbahagi ng anumang tulong para sa ating mga kababayan.





# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Tuloy ang Pasko, Salamat sa Inyo...

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang patuloy na gabay at patnubay sa ating lahat. Sa gitna ng pandemya ay nananatili tayong malakas, malusog at natutustusan ang ating mga pangangailangan kasama ang ating mga mahal sa buhay.

Maligayang Pasko po sa ating lahat. Sa mga "Christmas Break," salamat sa pagkakataong ibinigay sa atin na sa loob ng isang Linggo ay nakasama natin ang ating pamilya. May mga pumunta sa probinsiya upang makapiling ang mga magulang at makasama ang mga kababata. Masayang kuwentuhan sa pagbabalik-tanaw sa mga masasayang ala-ala at karanasan.

Ano ang hinding-hindi mo malilimutan sa araw ng Pasko?

Noong bata ako tuwang-tuwa ako dahil may natatanggap akong regalo kay nanay at pera sa kaopisina ni tatay at nanay. Alam nila na mahilig akong kumanta, kaya pinakakanta ako pagkatapos ay bibigyan na ako ng pera. Tuwing "Christmas Party" noong elementary tayo ay suot-suot na natin ang pamasko. May mga pagkakataon na may bagong damit at may pagkakataon na wala dahil sa mas mahalagang pagkakagastusan.

Isang Pasko na hindi ko makalimutan noong ako ay siyam (9) na taong gulang. Habang nasa palengke kami ni nanay at bumibili ng pagkain para sa simpleng Noche Buena. Tinanong niya ako, "anak anong gusto mong pamasko?" Ang sagot ko kay nanay, "Ok lang po ako nanay." Pagtapat namin sa nagtitinda ng short pants ay bumili siya at ibinigay sa akin. Tuwang-tuwa ako sa regalo ni nanay. Ang kaisa-isa kong ninang ay naghahanda para maging masaya ang salo-salo ng buong pamilya. Karoling kasama ang aking mga kababata. Mga ala-ala na kaygandang balik-balikan, "sana maulit muli."

Kung ikaw ay napag-pala at nakatanggap ng regalo o aginaldo ngayong Disyembre 25, 2021, magagawa mo bang magbigay saya sa ating kababayan?

Hanggang ngayon ay maraming kababayan tayong naapektuhan ng bagyong "Odette". Maraming mga musmos na mga bata ang nagdaralita at naghahangad na makatanggap ng aginaldo. Kung ikaw ay may kakayahang tumulong na magbigay, hindi pa huli ang lahat para pagpalain natin sila. Ang mga ngiti ng mga bata dulot ng kagalakan dahil sa iyong regalo ay magsisilbing masayang ala-ala sa gitna ng pandemya at kalamidad. Marami ang nawalan ng tahanan, nasirang pangkabuhayan, wala pang kuryente at malinis na tubig na maiinuman. Panginoon Diyos, tulungan Mo po ang aming kababayan.

Salamat sa Pambansang Pulisya, sa pagbibigay ng tulong pinansiyal, paglilingkod sa bayan at pagbibigay inspirasyon. Saludo ako sa inyo! Marami tayong napasayang mga kababayan sa araw ng Pasko. Hindi natin maikakaila, na mayroong isang musmos na bata ang magsasabing, "paglaki ko gusto kong maging pulis. Iniligtas kaming lahat sa panganib at binigyan pa kami ng pagkain at regalo. Salamat po Mama at Aleng Pulis.

Paglaki ko gusto ko maging pulis!"

Maligayang Pasko sa ating lahat!

## Kasambahay na magnanakaw, huli



**Camarines Sur (December 18, 2021) - Nahuli sa isinagawang operasyon ng mga kapulisan ang isang kasambahay na suspek sa pagnanakaw sa kanyang amo sa Purok 5, Barangay Lag-on, Daet, Camarines Sur nitong Disyembre 18, 2021 sa bahay ng kanyang kamag-anak sa Brgy Huyon-huyon, Tigaon, Camarines Sur.**

Una ng naiulat ang pagnanakaw sa bahay ng negosyante sa Brgy Lag-on, Daet, Camarines Norte ng nakunan ng CCTV footage ang pangyayari at dito natukoy ang suspek na ang kasambahay ang magnanakaw. Tahasan nitong sinira ang pinto para maisagawa ang kanyang motibo habang wala ang pamilya ng amo.

Narekober sa suspek ang perang tinangay na nagkakahalaga ng Php1.2 milyon at alahas na nasa kalahating milyon ang halaga. Napag-alaman na may una na itong kaso na qualified theft sa parehong modus nitong nagdaang taon.

Muling nahaharap sa panibagong kaso ang suspek. Nasa kustodiya na ng Daet Municipal Police Station ang suspek para sa kaukulang disposisyon.

"Hinding-hindi ninyo matatakasan ang batas, saan mang dako kayo magtago. Hahanapin namin at tutugisin namin kayo upang mapagbayaran ninyo ang mga nagawa ninyong pagkakasala," ani Police Colonel Julius Guadamor, Camarines Norte Provincial Director.

## 2 Wanted personality, arestado sa Baguio City





**Baguio City (December 13, 2021) - Arestado ang dalawang (2) wanted personality sa magkahiwalay na isinagawang paghain ng Warrant of Arrest ng joint operation unit ng Baguio City Police Office noong Disyembre 13, 2021 sa Richview Square Subdivision, Bakakeng, Baguio City.**

Inaresto ng joint operating unit ng BCPO Station 3 Pacdal si Jonathan Vasquez Mondragon, 24 years old, single, laborer, at residente ng No.13 Bakakeng Central, Sto. Nino, Marcos Highway, Baguio City sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu noong Mayo 20, 2019 ng Regional Trial Court para sa kasong Robbery with Violence and Intimidation.

Samantala, arestado din si Jhoemar Raposas y Selling a.k.a. Jomar Raposas, 20 years old, married, driver, at kasalukuyang nakatira sa #8074 Purok 2, Kias, Baguio City sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ng Municipal Trial Court in Cities, dahil sa paglabag sa Art. 336 ng RPC (Acts of Lasciviousness) sa loob ng BCPO Loakan Police Station, Peza Compound, Loakan Proper, Baguio City.

Ang suspek ay sinamahan ng kanyang asawa at kusang isinuko ang kanyang sarili sa mga tauhan ng BCPO, PS 4 sa pangunguna ni Police Lieutenant Andro G. Palcongan, sa ilalim ng pamumuno ni Police Major Jayson N. Eugenio.



# PNP receives Donations mula sa Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers para sa mga biktima ng bagyong Odette















**Malugod na tinanggap ng pamunuan ng Pambansang Pulisya ang tulong na handog mula sa Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers sa isinagawang turnover of relief goods noong ika-24 ng Disyembre 2021 sa Kampo Crame, para sa mga biktima ng nasalanta ng bagyong Odette sa Visayas at Mindanao.**

Ang nasabing turnover ay pinangunahan ni PLtGen Joselito Vera Cruz, TDCA na kumatawan sa hepe ng Pambansang Pulisya, kasama sina PLtGen Israel Ephraim Dickson, TDCO, PMGen Rhodel Sermonia, TACDS, PMGen Bartolome Bustamante, TDPCR at PBGen Eric Noble, D, PCADG.

Ang Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups ay kinatawan naman nina Undersecretary Martin Diño ng Barangay-based Advocacy Group at Undersecretary Edilberto D Leonardo ng Kaligkasan, Ms. Gemma Sotto ng Global Peace Community Relations, Atty. Cherry Dela Cruz ng Womens-based Advocacy Group, Ms Tara Bunch at Mr Imad Ammar ng Foreign National Keepers Network, Mr Manjinder "Jaimes" Kumar, President, Filipino-Indian Commerce and Welfare Society, Mr Jerome V Oliveros ng Joint Industrial Peace Concerns Office, Atty Bruce Vera of LGBT-based Advocacy Group, Bishop Noel Pantoja ng Faith-based Advocacy Group, Mr Mitch Ortiz ng Force Multiplier Advocacy Group, at Ms Michelle Gumabao ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo.

Ang kanilang pinagkaloob na donasyon ay binubuo ng mga pangunahing pagkain tulad ng bigas, noodles, de-lata, inumin, de-boteng tubig, meryenda ng mga bata, mantika, at mga non-food tulad ng mga hygiene kit, face mask, manual water dispenser, mga lalagyan ng pagkain at marami pang iba.

Ito ay bunga ng pagsisikap ng koalisyon na mangalap ng mga donasyon para sa mga biktima ng bagyong Odette na umaabot na sa halos Php3 milyon.

Ipinaabot ni PLtGen Vera Cruz ang mensahe ng Hepe ng Pambansang Pulisya, PGen Dionardo B Carlos, na lubos ang pasasalamat nito sa iba't ibang advocacy support groups at force multipliers sa kanilang pakikiisa sa PNP para makapaghatid ng tulong sa ating kapwa Pilipino na lubos na nangangailangan at sa tiwala na kanilang pinagkaloob sa PNP.

# Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan, naghatid-saya sa Ilagan City







**Humigit-kumulang 200 Ilagueño ang naging benepisyaryo ng isinagawang Duterte Legacy Barangayanihan Caravan ng mga tauhan ng Ilagan City Police Station, Isabela Police Provincial Office (PPO) sa pamumuno ni PLtCol Benjamin D Balais, Officer In-Charge, sa Sitio Quimmalabasa, Barangay Rang-Ayan, City of Ilagan, Isabela noong Disyembre 23,2021.**

Ang aktibidad ay pinamagatang, Pamaskong Handog Alay sa mga Batang Ilagueño ni PCOL JAMES M CIPRIANO, Provincial Director, Isabela PPO. Layon ng programa na ipadama sa mga kabataan ang pagmamahal, pagbibigayan at kasiyahan ang tunay na diwa ng kapaskuhan.

Naging katuwang ng Ilagan CPS personnel ang IPPO Officers Ladies Club; 142 SAC 14SAB; 201st MC RMFB2; 95th IB 5ID Charlie Coy Philippine Army; BPAT's Members; KKDAT Kaligtasan members at iba pang miyembro ng Lingkod Bayan Advocacy Support Group at Force Multipliers.

Nakatanggap ang mga residente ng food packs, medical at hygine kits, pares ng mga tsinelas, at iba't-ibang klaseng laruan.

Samantala, nagtatanim din ng assorted fruit bearing seedlings sa naturang lugar, gayundin ang pamimigay ng mga libro sa mga mag-aaral sa Sitio alinsunod sa ng Project AKLAT (Adhikaing Gabayan ang mga Kabataan at Linangin ang kanilang Kaisipan Tungo sa Magandang Kinabukasan).

Ani PLtCol Balais, malayo man ang Sitio subalit napawi ang kanilang mga pagod nang marating ang lugar; makapaghatid ng tulong at makita ang mga ngiti at tuwa sa mga residenteng benepisyaryo.

Nagpasalamat din ang Hepe sa lahat ng mga advocacy support groups; stakeholders at lokal na pamahalaan sa patuloy na tumutulong at sumusuporta sa mga programa ng Pambansang Pulisya.

# Social Media Product Development and Management Training of Class Kimat-Alibtak 2021–01 Closing Ceremony




**Taguig City (December 23, 2021) - Sa pagsisikap at magandang ugnayan ng Pambansang Pulisya at Hukbong Sandatahan ng Pilipinas ay matagumpay na naisagawa ang Closing Ceremony ng Social Media Product Development and Management Training ng Class Kimat-Alibtak 2021, bandang alas dose ng Disyembre 23, 2021, sa Civil Military Operation School, Fort Bonifacio, Taguig City.**


Kauna-unahang face to face Social Media Product Development and Management Training matapos ang "distance/ online learning" na epekto ng pandemya. Nilahukan ito ng 86 na miyembro ng Police Community Affairs and Development Group, sa inisyatibo at pakikipag-ugnayan ni PBGen Eric Noble, ang Director ng PCADG, at sa pamunuan ng CMO School.


Dumalo rin sa seremonya si PMGen Bartolome Bustamante, Director, DPCR bilang Guest of Honor and Speaker kasama sina BGen Arvin R Lagamon, Regiment Commander, CMOR, LTC Genesis R Gabrido, Training Director, at ang mga masisipag na Training Instructor mula sa CMO School.


Sa kalagitnaan ng seremonya, ang mga espesyal na parangal ay ibinigay sa mga matagumpay na nagtapos. Kinilala at binigyang parangal ang tatlong (3) nangunguna sa klase na sina Pat Khnerwin Medelin (Top 1), Pat Kher Bargamento (Top 2) at Pat Viljon Comilang (Top 3), na nagpakita ng dedikasyon at huwarang pagganap sa loob ng 21 araw na pagsasanay sa nasabing paaralan.


Ang pagsasanay na ito ay idinisenyo upang mas lalo pang makilala ang "Social Media Product" bilang isa na ring "Armas" na magagamit ng ating kapulisan, "Armas" na hindi dahas ang idinudulot ngunit mga makabuluhang impormasyon na maaaring maging gabay sa pagpapalaganap ng mga mabuting adhikain at gawi ng ating mga kapulisan at tulay na rin upang mas mapagtibay ang ugnayan sa pagitan ng komunidad at pambansang pulisya.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*


## Pulis, Tagapagtanggol Ng Demokrasya

Kakambal nang pagiging pulis ang panganib, sa bawat sandali ay laging may banta sa buhay ang bawat kasapi ng Philippine National Police (PNP) mula sa mga kasapi ng Communist Terrorist Group (CTG). Walang pagpapahalaga sa buhay ng tao ang mga manliligalig, ang mahalaga sa kanila ay ang makapaghasik ng karahasan at takot sa mamamayan. Lahat nang kanilang gawain ay nakaangkla sa panlalansi at panlilinlang. Nakatuon ang kanilang pansin sa paglikida sa mga itinuturing nilang hadlang upang maibagsak ang ating gobyerno at ang mga demokratikong institusyon ng lipunang Pilipino.

Kaugnay nito, Isang marahas na paraan nang kamatayan ang sinapit ng isang alagad ng batas mula sa kamay ng mga kasapi ng New People's Army (NPA) noong December 13, 2018. Pinagbabaril ng mga NPA si SP03 Reil Morgado sa loob mismo ng kanilang bahay sa Purok 4, Barangay Jagupit, Santiago, Agusan Del Norte. Walang awang pinaslang ng mga salarin ang pulis na itinuturing na mabait at responsable ng mga tao sa komunidad. Agad na tumakas ang mga NPA matapos maisagawa ang kanilang pagpatay.

Labis na ikinalungkot ng pamilya ni SP03 Morgado ang brutal na pagpatay sa kanya lalo na at magpapasko na noon. Mariin naming kinondena ng mga mamamayan ng bayan ng Santiago ang karahasang ginawa ng mga terorista. Sa libing ng pulis sa Jagupit Public Cemetery, bumuhos ang luha ng kanyang mga namimighating kaanak at kababayan. Nagsuot ng itim na damit ang mga nakidalamhating mamamayan at nagbitbit pa ng mga plakards na kumokondena sa mga karahasang ginagawa ng mga NPA sa kanilang lugar. Sa saliw ng mga putok ng baril bilang huling parangal ng PNP kay SP03 Reil Morgado, nagngangalit naman ang dibdib ng mga mamamayan ng Santiago na sawang-sawa na sa mga ginagawang panggugulo at extortion activities ng mga NPA na lubhang nagpapahirap sa kabuhayan ng mga tao.

# 146 Indibidwal, nasakote sa ilalim ng Anti-Criminality Operation ng Northern Mindanao PNP




**Nakasakote ng kapulisan ng Northern Mindanao ang 146 indibidwal sa isigawang Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operation o SACLEO nito lamang Ika-17 ng Disyembre 2021.**

Sa pagpapatupad ng Search Warrants, 26 ang inihain dahil sa paglabag sa Republic Act 9165 at 22 para sa Republic Act 10591 na nagresulta sa pagkakaaresto ng 39 na indibidwal at pagkakakumpiska ng 23 iba't ibang uri ng baril, 77.24 na gramo ng hinihinalang shabu at 3.09 gramo ng marijuana na tinatayang may Standard Drug Price na Php500,000.

Nagkaroon din ng buy-bust operation na nauwi sa pagkakadakip ng 14 na indibidwal at pagkakumpiska ng 97.28 gramo ng shabu at 1.40 gramo ng marijuana na may tinatayang halaga na mahigit Php600,000.

Para sa implementasyon naman ng Warrant of Arrest, 31 ang nadakip na napapabilang sa Most Wanted Persons sa rehiyon. Liban sa mga nasa listahan ng Most Wanted ay nakahuli pa ang Police Regional Office 10 (PRO 10) ng 62 katao na pawang mga wanted sa batas.

Samantala, pinuri ni Regional Director, Police Brigadier General Benjamin Acorda, Jr ang mga pulis sa kanilang natatanging pagganap sa tungkulin.

"Ako po ay nagpapasalamat sa ating mga kasamahan sa kapulisan sapagkat kahit na medyo nahati ang aming pwersa sa pagpapatupad ng anti-criminality operations dahil sa bagyong "Odette, hindi ito naging hadlang upang ipagpatuloy natin ang pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan dito sa ating rehiyon" ani PBGen Acorda.

Nanawagan rin si General Acorda na iparehistro ang mga personal na baril sa Camp Alagar o maaari rin itong ipatago sa mga lokal na himpilan ng kapulisan.

Patuloy na isasagawa ang SACLEO para sa paghahanda para sa nalalapit na Eleksyon 2022.

Makakaasa naman umano na hindi titigil ang kapulisan ng Northern Mindanao para protektahan at pagsilbihan ang buong rehiyon.

## Lalaki, nagpakamatay matapos barilin ang dating live-in partner

**Patay ang dalawang (2) dating mag-live in partner sa nangyaring pamamamril sa Zone 1 Barangay Fugu ng Gattaran, Cagayan noong Disyembre 21, 2021.**

Batay sa imbestigasyon, binaril ng suspek na si Rex Martin ang kanyang dating live in partner na si Ria Ponce, 37 anyos, isang Barangay Treasurer at residente ng nabanggit na lugar.

Sa report ng pulisya, dumating si Martin sa tinutuluyan ng biktima kung saan agad niya itong binaril at pagkatapos ay binaril ang kanyang sarili.

Isinugod ang dalawa sa Dr. Tomas Nolasco Hospital ngunit idineklatang dead on arrival ang suspek habang ang biktima naman ay pumanaw habang nilalapatan ng lunas.

Kapwa nagtamo ng sugat sa ulo sina Martin at Ponce na naging mag-live in partner ng dalawang (2) taon at naghiwalay noong 2020.

Napag-alaman na isang araw bago mangyari ang insidente, nagtungo ang biktima sa Gattaran Police Station at inireklamo ang pagbabanta ng suspek na papatayin siya kung makikipagrelasyon sa iba.

Samantala, narekober sa pinangyarihan ng krimen ang isang (1) homemade caliber 38 revolver na may isang (1) bala at dalawang (2) basyo.

Nasa kustodiya na ng SOCO Lal-lo ang nakuhang mga ebidensya para isailalim sa ballistic examination.

## Eastern Samar Top Most Wanted Person, arestado sa Malabon


**Malabon City (December 21, 2021) - Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person ng Eastern Samar PPO noong Disyembre 21, 2021 bandang 3:40 ng hapon sa San Bartolome Church, sa kahabaan ng San Agustin St., Malabon City.**

Pinuri ni NCRPO Regional Director, PMGen Vicente Danao Jr, ang magkasanib na puwersa ng operatiba ng Malabon CPS, DSOU, NPD, NDIT- RIU NCR, Eastern Samar PPO, PIU, Can-Avid MPS at DID-NPD sa matagumpay na pagkakadakip ng akusado na nakilala bilang si Christian Quilim y Tejones, 42 taong gulang.

Ang akusado ay may nakabinbin na Warrant of Arrest para sa krimeng Rape na inisyu ni Hon. Filotea M Estorninos, Presiding Judge ng RTC 8th Judicial Region, Dolores, Eastern Samar, na may petsang Agosto 8, 2021 at walang rekomendadong piyansa.

Sa kasalukuyan, nakakulong ang nasabing akusado sa DSOU, NPD para sa kaukulang dokumentasyon at disposisyon.

Ang pagtutulungang ito ng bawat unit at opisina ng pambansang pulisya ay nagpapatunay na patuloy ang kanilang pagsisikap upang masigurado na ligtas ang publiko sa ating lipunan na ginagalawan. Patunay din na ang ating mga kapulisan ay walang humpay sa pagpuksa sa lahat ng uri ng kriminalidad, iligal na droga at terorismo sa kabila ng mga hamon na dala ng pandemya.



# 5 suspek sa Php10-M Pasig robbery, arestado



Kinilala ni PMGen Vicente D. Danao, Jr, Regional Director, NCRPO, ang Eastern Police District (EPD), sa pamamahala ni PBGen Orlando Yebra, District Director at Pasig City Police Station, Chief of Police, PCol Roman C. Arugay at kanyang mga tauhan sa kanilang mahusay na pagganap at pagbabantay na nag-uwi sa matagumpay na pag-aresto sa mga suspek sa insidente ng robbery at mabilis na pagkikilanlan sa pangkat na nangyari noong Disyembre 18, 2021 sa Sta Elvira St., Brgy Kapitolyo, Pasig City kung saan ang mga biktima ay nakilalang sina Joana Marie Espiritu y Flores, 26 taong gulang at Kani Toshihiro, isang Hapon, 42 taong gulang, parehong residente sa nasabing pinangyarihan ng insidente.

Sa pagsunod sa balita, personal na nagtungo si RD Danao sa Pasig City Police Station at mabilis na inutos ang relief ng mga pulis na sangkot kasama ang kanilang Sub Station Commander dahil sa Command Responsibility. Iniutos din ni Danao ang isang malalim na imbestigasyon kasama pa ang ibang pangkat at magsagawa ng manhunt operation sa natitirang mga suspek na hindi pa nahuhuli.

Kinilala ni PCol Arugay ang mga suspek na sina:

PSSg Jayson Bartolome y Reyes kasalukuyang nakatalaga sa Taguig CPS may badge No. 165158 (Arestado/PUPC);

PCpl Merick Desoloc y Salazar kasalukuyang nakatalaga sa Taguig CPS may badge No. 264902 (Arestado/PUPC);

PCpl Christian Jerome Reyes y Galano kasalukuyang nakatalaga sa Taguig CPS may badge No. 265270 (Arestado/PUPC);

Pat Kirk Joshua Almojera y Esole kasalukuyang nakatalaga sa Taguig CPS may badge No. 343283 (Arestado/PUPC);

AJ Mary Agnas y Tunacao, 22 taong gulang, walang asawa, staff ng mga biktima at residente Zone 5, Brgy. Fort Bonifacio, Taguig City (Arestado/PUPC);

Jhon Carlo Atienza y De Guzman, 30 taong gulang at residente ng No. 128 Zone 2, Brgy. Fort Bonifacio, Taguig City (natapuang patay sa tama ng baril sa Kalayaan Avenue corner Tolentino St., Brgy. Pinagkaisahan, Makati City);

Ferdinand Fallaria y Pajila kasalukuyang nakatakas at nadismis na pulis ng PNP dating nakatalaga sa NCRPO; at Rowel Galan na nakatakas.

Matapos ang insidente, ang mga biktima ay madaling huminggi ng tulong sa awtoridad sa tulong ng miyembro ng Barangay Security Force na si Merick Bautista.

Agad-agad, ang mga rumesponde, sakay ng mobile car, ay natukoy ang posibleng location o direction ng mga tumatakas na suspek sa West Capitol Drive to Sta. Monica sa Brgy. Kapitolyo, Pasig City.

Sa pagtangkang makatakas, ang mga suspek ay nagpaagaw ng pera na nagkakahalaga ng Php1.3 milyon. Doon, pinaputukan ng mga suspek ang mga rumerespondeng pulis kaya ito ang bumawi hanggang ang dalawang suspek ay iniwan ang kanilang motorsiklo at umakyat sa nakasarang gate sa West Capitol Drive Corner Sta. Monica Brgy. Kapitolyo, Pasig City.

Sapilitang hinarang at kinuha ng mga suspek ang isang motorsiklo at tumakas patungo sa BGC/Makati City. Ang ninakaw na motorsiklo ay nakitang iniwan sa Pasig Mega Parking, Caruncho Avenue, Brgy San Nicolas, Pasig City. Habang inabandona ng mga suspek ang isang Yamaha Mio Sporty na Nakita sa nakasarang gate ng West Capitol Drive Corner Sta. Monica St., Brgy. Kapitolyo.

Nakuha sa mga suspek ang mga ebidensya:

Kay PCpl Christian Jerome Reyes y Galan – isang caliber 9mm Beretta pistol may serial No. M14956Z, cash na Php100,000; PNP ID card; at cash na Php8,941,000 nakita sa loob ng top box ng kanyang Yamaha NMAX motorcycle may plate number 1801-0038538;

Kay PCpl Merick Desoloc y Salazar – cash na Php100,000; isang Nokia cellphone; at isang caliber 9mm Beretta pistol may serial No. M24231Z.

Kay Pat Kirk Joshua Almojera y Esole- isang caliber 9mm CANIK pistol may serial No. T6472-19 BG17570 at isang caliber 9mm Pietro Beretta pistol may serial number G42160Z at PNP Property markings na natagpuan sa lugar kung saan nakitang patay sa tama ng bala ang suspek na si Jhon Carlo Atienza y De Guzman.

*sundan sa pahina 10*

# Wanted Rapist sa Cavite, nasakote sa Eastern Samar



**Eastern Samar (December 22, 2021) – Arestado ang Top 1 Most Wanted Person sa Eastern Samar makaraang masakote ng mga operatiba ng Taft MPS, Regional Intelligence Unit 8 at ng Provincial Intelligence Unit ng Eastern Samar PPO noong Disyembre 22, 2021 sa Barangay Napo, Taft, Eastern Samar.**

Noong ika-23 ng Nobyembre, 2021 ay nakatanggap ng mensahe ang FB Page ng PCADG Eastern Visayas mula sa isang ina na nanghihingi ng tulong na maicoordinate sa Taft Municipal Police Station na sakop ng Police Regional Office 8 ang kaso ng kanyang anak na noo'y mayroon nang nailabas na Warrant of Arrest dahil sa kawalan ng kakayahan ng nasabing ginang na bumiyahe mula sa Bacoor, Cavite patungong Taft, Eastern Samar upang personal na makipag-ugnayan sa mga kinauukulan sa nasabing bayan.

Agad naman itong inaksyunan ng PCADG Eastern Visayas personnel at tinawagan ang mismong Chief of Police ng Taft MPS para maiparating ang hinihinging tulong ng nasabing ginang.

Dito ay napabilis ang paghahanap sa suspek ng mga kinauukulan sa Eastern Samar sa tulong na rin ng mga impormasyong ibinigay ng sariling kapatid ng suspek at kamag-anakan nito sa PCADG Eastern Visayas.

Agad na nagsagawa ng Joint Operation ang mga miyembro ng Taft MPS, Regional Intelligence Unit 8 at ng Provincial Intelligence Unit ng Eastern Samar PPO upang maaresto ang suspek na nagngangalang si Jeffrey Cebreros Tumanda, 25 taong gulang dahil sa kasong Rape (5 counts).

Sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Hon. Matias M. Garcia, Presiding Judge ng RTC 4th Judicial Region, Branch 19 sa Bacoor City, Cavite ay nasakote ang akusadong si Tumanda.

Nito lamang hapon ng Disyembre 23, 2021, muli ay nakatanggap ng mensahe ang PCADG Eastern Visayas personnel mula sa ina ng biktima na nagpapasalamat sa naging tugon ng kapulisan at matagumpay na napasakamay ng kapulisan ang suspek sa panggagahasa sa kanyang anak.

Ito'y isang patunay lamang na napakaepektibo ng Social Media lalong lalo na sa mga ganitong sitwasyon na nangangailangan ng agarang aksyon.

Maraming salamat po sa inyong tiwalang ibinigay sa PCADG Eastern Visayas!

# 2,000 boardfeet ng kontrabandong kahoy, timbog sa Isabela

**Mahigit-kumulang 2,000 boardfeet ng kahoy ng Narra ang nasakote ng mga awtoridad sa Barangay Pag-asa, Echague, Isabela, kahapon, Disyembre 30.**

Nagsagawa ng anti-illegal logging operations ang PNP Cauayan, RGSC Isabela, 2nd PMFC at PIU, IPPO matapos makatanggap ng impormasyon hinggil sa umano'y pagpuslit ng mga kontrabandong kahoy sa naturang lugar.

Nagresulta ito sa pagkakumpiska ng isang Mitsubishi Fuso Canter truck na may plakang TMA-151 kung saan lulan ang higit-kumulang 2,000 boardfeet ng tablon.

Gayundin, arestado ang tatlong (3) suspek sa Barangay San Fermin, Cabatuan, Cauayan City matapos bigong magpakita ng ligal na dokumento ng mga naturang kahoy.

Ayon sa mga suspek, ang naturang mga kahoy na ibinyahe nila ay galing pa sa Barangay Dicamay, San Mariano, Isabela.

Nahaharap ang mga akusado sa kasong paglabag ng Presidential Decree 705 o Revised Forestry Code of the Philippines.



# 11 High Powered Firearms, boluntaryong isinuko sa PNP



**Isang concerned citizen ang naglakas ng loob na isuko sa pamunuan ng PNP-CIDG ang 11 na matataas na kalibre ng baril sa CIDG RFU 8, Port Area, Tacloban City noong ika-23 ng Disyembre 2021.**

Ayun sa nasabing concerned citizen, ang mga naturang baril ay ipinagkatiwala ng isang tao na hindi pa niya isiniwalat ang pangalan sa kadahilanang pangseguridad.

Ang mga baril na isinuko ay isang (1) unit na automatic submachine pistol caliber 9mm Luger na may dalawang (2) magazine na assembly na may serial number 1254998, isang (1) unit na automatic submachine pistol caliber 9mm Luger na may dalawang (2) magazine na assembly na may serial number 842574, isang (1) unit na automatic submachine pistol caliber 9mm Luger na walang serial at isang (1) magazine assembly, isang (1) caliber 45 CASPIAN pistol na walang hand grip at may serial number na 142254, isang (1) kalibre 45 ARMSCOR pistol na walang serial, isang (1) kalibre 45 ARMSCOR pistol na walang serial number at may magazine assembly, Isang (1) Colt AR15 caliber 5.56mm na walang hand guard at may serial number na 101198, isang (1) kalibre 30 rifle M2 Carbine na may serial number 6868086, isang (1) unit M16A1 Elisco rifle na may serial number na RP1760193, isang (1) kalibre 5.56mm Colt AR15 na may serial number 834082 at isang (1) unit na GALIL SAR caliber 5.56mm na may defaced serial number.

Isasailalim sa Standard Operating Procedure (SOP) ang mga isinukong baril para sa pag-iingat ng ebidensya. Ang mga ito ay isusumite sa PNP Crime Laboratory PRO 8 para sa cross-matching at macro-etching procedures upang matukoy kung ang mga baril na ito ay maaaring ginamit sa mga hindi nalutas na krimen sa Rehiyon 8 tulad ng mga insidente ng pamamaril.

Ang PNP ay walang humpay ang pagpapatupad at patuloy na kampanya laban sa mga loose firearms. Ito ay kampanya ni PNP Chief, PGen Dionardo B Carlos laban sa paglaganap ng mga iligal na baril upang matiyak ang isang mapayapa at maayos na pagsasagawa ng National at Local Election sa Mayo 2022.

# 65 armas mula sa mga teroristang grupo, sinira ng PRO2

**Pinangunahan ni Police Brigadier General Steve B. Ludan, Regional Director ng Police Regional Office (PRO) 2 ang ceremonial demilitarization ng 65 assorted firearms na isinuko ng mga kasapi ng New People's Army (NPA), Militia ng Bayan (MB) at iba pang Communist Terrorist Groups (CTGs), gayundin ang mga narekober na baril mula sa mga maka-kaliwang grupo.**

Kabilang sa mga armas na sinira ay ang rifle caliber 7.65; rifle caliber 5.56; pistol caliber 45; home-made revolver caliber 38; at rifle caliber 30.

Batay sa tala ng Regional Supply and Accountable Office (RSAO) sa ilalim ng Regional Logistics and Research Development Division (RLRDD) ng PRO2, ang 52 yunit ng mga naturang armas ay mula sa Isabela Police Provincial Office, 10 yunit mula sa Quirino PPO at tatlo (3) naman ang mula sa Nueva Vizcaya PPO.

Sa pahayag ni RD Ludan, binigyang-diin niya na ang aktibidad ay isinagawa upang matiyak na ang mga isinuko at narekober na armas ay hindi na muli pang magamit ng sinuman sa maling kaparaanan.

Ani RD Ludan, ito rin ay isang paraan upang mahikayat ang iba pang rebelde na sumuko at magbalik-loob sa pamahalaan dahil makakatanggap ng remuneration o cash ang mga dating rebelde base sa halaga ng baril na kanilang isinuko.

Samantala, dumalo bilang panauhing-pandangal si Mr. Jonathan Paul M. Luesen Jr., ang Regional Director ng Department of the Interior and Local Government – Regional Office 2 (DILG-RO2) na kinatawanan ni Ms. Maybelle Anog, ang Chief ng Local Government Monitoring and Evaluation Division, DILG-RO2.

# Terrorist Abu Sayyaf Group member, huli sa Zamboanga City

**Zamboanga City (December 22, 2021) - Nahuli ang isang (1) teroristang miyembro ng Abu Sayyaf Group sa pamamagitan ng Search Warrant na isinagawa ng mga operatiba ng PNP-CIDG sa Barangay Kasanyangan, Zamboanga City noong ika-22 ng Disyembre 2021 bandang 7:20 ng hapon.**

Kinilala ang nahuling teroristang miyembro ng Abu Sayyaf Group na si Tony Asmun y Burah alyas "Itum", lalaki, 57 taong gulang, nakatira sa Barangay Kasanyangan, Zamboanga City.

Ito ay sa pinagsanib na operasyon na pinangunahan ng mga operatiba ng CIDG Zamboanga City Field Unit kasama ang CIDG Basilan PFU, CIDG RFU 9, NICA 9, 904th RMFB, TSC-RMFB, TFZ, MBLT 11 (Phil Marines), MIG9, PNP EOD-K9, 4MCIC, MCIBN, G2, 4MBD, S2 ZCPO, ZCPO PS 11, ZCPO PS6, at RID 9 RSOG.

Sa pagpapatupad ng Search Warrant, isang (1) improvised explosive devised (IED) ang natagpuang nakatago sa loob ng isang sako ng uling. Ayon sa Explosives Ordnance Disposal (EOD) specialist, ang nasabing IED ay binubuo ng isang (1) cartridge 90mm HEAF na may detonating cord bilang booster, siyam (9) volts na baterya (eveready battery), konektor ng snap ng baterya, pressure switch, improvise electric blasting cap at transparent na plastic.

Sa karagdagang imbestigasyon na isinagawa, lumalabas na ang IED ay nagmula sa isa (1) pang miyembro ng ASG na subject ng follow-up operation.

Sa pahayag ng Director ng CIDG, PMGen Albert Ignacius Ferro, "Ang CIDG ay muling pinagtitibay ang pangako nitong labanan at alisin ang mga teroristang grupo at marahas na ekstremista. Dahil malapit na ang dalawa sa pinakamahalagang holiday sa bansa, ang CIDG ay kaisa ng Punong PNP sa kanyang pagpupursige para matiyak ang kaligtasan at seguridad ng mga Pilipino".

Dinala ang naarestong suspek sa CIDG RFU9 Office para sa dokumentasyon at tamang booking procedure habang nakabinbin ang pagsasampa ng kaukulang kaso laban sa kanya.

# 5 suspek sa P10-M Pasig...

*mula sa pahina 9*

Sa follow-up operation na isinagawa ng Station Intelligence Section, Pasig CPS, sa pangununa ni PMAJ JOSE LUIS R. AGUIRRE, kasama ang tauhan ng Sub-Station 1 sa pangunguna ni PMAJ DIOGENES C. GAOAEN, Special Weapons at Tactics Team, sa pangununa ni PLT MELVIN J. BALBAG at Criminal Investigation Section pinangunahan ni PCMS Rolando Anselmo Jr at PSMS Miguel Torallo, naaresto sina PCpl Reyes at AJ Mary Agnas y Tuñacao. Samantala, sina PCpl Merick Desoloc y Salazar at Pat Kirk Joshua Almojera y Esole ay bolutaryong sumuko sa Taguig CPS sa ilalim ni PCOL CELSO RODRIGUEZ at tuloy inilipat sa Pasig City Police Station para sa akmang disposisyon.


Inihahanda ang mga kaukulang kaso na isasampa sa korte laban sa mga naarestong suspek. Habang ang administrative complaint sa mga nasasangkot na personel ng PNP ay hahawakan ng kanilang mga unit/offices.

Muling pinapurian ni PMGEN DANAO ang NCRPO Eastern Police District sa ilalim ni PBGEN YEBRA at Pasig City Police Station sa pangunguna ni PCOL ROMAN ARUGAY sa kanilang mabilis na aksyon at pagresponde kahit sa harap ng pandemya.

Mariing kinondena ni RD DANAO ang robbery extortion na sangkot ang apat na metrocop. Ang mabilis na pag-aresto sa apat na suspek at isang civilian ay indikasyon na ang PNP ay seryoso sa kanyang intensyon para tanggalin ang mga scalawags, misfits at hoodlums in uniform.

"Titiyakin ko na malinis ang ating ranggo. Gaya ng sabi ko, anumang krimen ang nagawa na maglalagay sa alanganin ang PNP ay hindi papayagan para maprotektuhan ang kanyang integridad. Makakaasa kayo na sila ay makakasuhan ng naaayon at mabilisan at sa ganoon ang ibang pulis ay magdadalawang isip na gawin din yun," sabi ni RD Danao. *(NCRPIO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Php4.8M marijuana bricks, nasamsam at 3 drug courier, arestado sa checkpoint




**Kalinga (December 23, 2021) - Bandang 10:30 ng umaga noong ika-23 ng Disyembre 2021, narekober ng mga pulis na nagsasagawa ng checkpoint ang mga bricks ng hinihinalang marijuana na nagkakahalaga ng Php4,800,000 sa Bantay, Tabuk City, Kalinga.**

Alinsunod dito, nasamsam ng magkasanib na puwersa ng mga alagad ng batas sa pangunguna ng Tabuk City Police Station ang 40 pirasong bricks ng tuyong dahon ng marijuana at tangkay na humigit-kumulang 40,000 gramo ang bigat.

Samantala, ang nasabing joint operation sa pangunguna nina PLtCol Dinulong B Tombali, PLtCol Armando Lorete, PLt Tyrone John B Balanay at PSMS Lito P Labutan sa ilalim ng pangangasiwa ni PCol Davy Vicente Limmong ay nagresulta sa pagkakadakip ng tatlong (3) suspek kung saan dalawang (2) suspek ay mga residente ng Quezon City at isa (1) mula sa Navotas City, Metro Manila.

Bukod sa mga drug items, nakumpiska sa mga naarestong suspek ang apat (4) na piraso ng android cellular phones, vaccine cards, official receipt at certificate of registration ng isang (1) unit ng Toyota Innova na may plate number ZLP 182, iba't ibang gamot, sari-saring susi, itim na vape, bote ng vape na naglalaman ng juice, at Phil Health ID.

Isinagawa ang imbentaryo sa mga ebidensya na sinaksihan ng Barangay Captain ng Bantay, Tabuk City, Kalinga at kinatawan ng Media.

Ang mga naarestong suspek ay dinala sa Tabuk CPS para sa tamang disposisyon at paghain ng kaukulang kaso.

# 2 tulak ng shabu, arestado sa Isabela



**Matagumpay ang ikinasang buy-bust operation ng mga tauhan ng Police Regional Office (PRO) 2 katuwang ang Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Region 2 matapos maaresto ang dalawang (2) suspek sa pagbebenta ng iligal na droga sa Cauayan City, Isabela noong December 20, 2021.**

Kinilala ang mga suspek na sina Bernard Soriano, 47 anyos at Edwardo Jacinto, 23 anyos, pawang mga residente ng Barangay San Fermin, Cauayan City, Isabela.

Bandang 8:27 PM nang ikasa ang buy-bust operation sa Barangay Tagaran, Cauayan City kung saan nadakip sina Soriano at Jacinto.

Nakumpiska rin mula sa kanila ang isang (1) sachet ng hinihinalang shabu; caliber 38 revolver na may dalawang bala; isang (1) Vivo smartphone; dalawang (2) sling bag; lighter; boodle money; at wallet na naglalaman ng iba't ibang ID at OR CR.

Ang mga suspek ay dinala sa Cauayan District Hospital para sa kaukulang eksaminasyon pagkatapos ay nai-turn over sa Cauayan City Police Station kasama ang nakumpiskang mga ebidensya.

Kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang isasampa laban kina Soriano at Jacinto.

# Ulat sa mga Matagumpay na operasyon kontra iligal na droga

**Sa pahayag na sinabi ni DILG Secretary Eduardo Año, mayroong humigit-kumulang 1,000 laboratoryo na ng shabu at drug den ang nadiskubre ng mga awtoridad at humigit-kumulang Php74.3 bilyong halaga ng iligal na droga at kagamitan naman ang nasamsam, mula nang magsimula sa pagsugpo sa iligal na droga ng administrasyong Duterte noong kalagitnaan ng taong 2016.**

Ang malawakang kampanya ng administrasyong Duterte laban sa iligal na droga sa pamamagitan na rin ng pakikipagtulungan ng anti-drug abuse council ng mga local government units ay naging matagumpay at mayroong 23,686 na barangay na ang kinokonsiderang drug-cleared sa tinatayang 35,416 barangay na apektado ng iligal na droga.

Nabanggit din ni Secretary Año na may kabuuang 319,929 indibidwal na sangkot sa iligal na droga ang naaresto at 6,221 drug suspects ang namatay sa loob ng 221,657 na anti-illegal drug operations na naisagawa. Naaresto rin ang 13,996 high-value targets na kinabibilangan ng 511 government workers, 394 elected officials, 126 uniformed personnel, at 349 foreign nationals. Mayroong namang 11,035 indibidwal na ang naka-avail ng community-based wellness and recovery programs para sa mga drug surrenderers bilang bahagi ng holistic approach ng gobyerno. Ang Community-Based Drug Rehabilitation Program na ito ay para sa mga tinatawag na mild lamang na mga drug user na hindi naman kailangang i-commit sa rehab center at nasa kani-kanilang mga community lamang. Sa ngayon ay mayroon na ring 22 Drug Treatment Rehabilitation Centers na nasa pangangalaga ng DOH, at mayroon ding Mega Drug Rehab Center na nasa Cabanatuan City.

Sa kaparehong ulat, nasa kabuuang 4,086 na menor de edad ang ginagamit sa pagbebenta ng droga ang nailigtas sa kanilang mga operasyon, na nagresulta sa mas mababang antas ng krimen. Halos 41 percent ang ibinaba ng crime volume at tumaas din ng 85% ang crime solution efficiency. Ayon sa Department of Social Welfare and Development (DSWD), ang mga nasagip na mga menor de edad, pagkatapos ng paglilitis sa korte, ay ibibigay sa Bahay Pag-asa Centers ng mga LGU sa loob ng walong oras na kustodiya ng pulisya, bago sila i-turn over sa DSWD.

Ang mga numero na nabanggit sa ulat na ito ang nagpapatunay na ang Pambansang Pulisya at ang Gobyerno sa Administrasyong Duterte ay tunay na dedikado sa kanilang tungkulin na mapababa ang krimen, mapuksa ang iligal na droga at mapanatling ligtas ang publiko sa kanilang komunidad na ginagalawan.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
# BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 51 * Disyembre 18-24, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# BARANGAYANihan, isinagawa ng mga kapulisan sa Ifugao



**Ifugao (December 22, 2021) - Nagsagawa ng BARANGAYanihan ang mga kapulisan sa Ifugao sa pangunguna ni Police Lieutenant Gregorio J. Buyayo, Company Commander ng 1st Ifugao Mobile Force Company sa Brgy. Liwon, Asipulo, Ifugao noong Disyembre 22, 2021.**

Labis ang tuwa ng 128 na mag-aaral ng Liwon Elementary School at 58 na residente na may kapansanan dahil nabiyayaan sila ng iba't ibang gamit sa paaralan, tsinelas at payong na ipinamahagi ng mga kapulisan ng 1st IPMFC.

Maliban dito, nagsagawa din ng information drive ang mga tauhan ng 1st IPMFC tungkol sa Anti-Terorismo upang iparating sa komunidad ang mga mapanlinlang na propaganda at taktika ng teroristang CPP-NPA-NDF at binigyang-diin ang kahalagahan ng papel ng mamamayan sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa kanilang lugar.

Gayundin, tinalakay ang mga mahahalagang probisyon ng Republic Act 9262 o Violence against Women and their Children (VAWC) na tumutuon sa mga kaparusahan ng paglabag sa nasabing Republic Act at sa negatibong epekto sa kinabukasan ng isang pamilya na itinuturing na pangunahing yunit ng lipunan.

Ang nasabing aktibidad ay naging matagumpay dahil sa pinagsamang pagsisikap at pakikipag-uganayan ng 1st IPMFC sa mga opisyal ng Barangay at mga guro ng Liwon Elementary School, Liwon, Asipulo, Ifugao.



# PWD, pinasaya ng kapulisan sa kanyang kaarawan





**Masayang nagdiwang ng ika-16 kaarawan si Christine, may sakit na Cerebral Palsy, matapos sorpresahin ng mga kapulisan kahapon, Disyembre 23, 2021.**

Matatandaang si Christine ay isa sa mga napiling benepisyaryo ng programang Kapwa Ko, Sagot Ko ng Police Regional Office 2 na tumanggap ng bagong wheelchair at grocery items noong Disyembre 2.

Ilang araw bago ang Pasko, binalikan ng Valley Cops ang 16-anyos na dalagita upang handugan ng kaunting regalo at pasayahin sa kanyang kaarawan.

Labis naman ang tuwa ni Christine sa natanggap na stuffed toy at makukulay na lobo lalung-lalo na ang paborito nitong kulay violet na cake.

# Project SIBOL ng Team NCRPO muling isinagawa para sa mga bata sa Barangay Bagong Pagasa, Quezon City



**Naisagawa ang Project SIBOL: Simula ng Isang Bagong Oportunidad sa Lipunan, Gift Giving activities, sa mga bata ng Sitio San Roque, Brgy. Bagong Pagasa, Quezon City, bandang 3:30 ng umaga ng Disyembre 20, 2021.**

Ito ay sa pagsisikap at pagkakaisa ng Retooled Community Support Program (RCSP) NCRPO Team Pag-asa/UP Campus/Tatalon, sa pamumuno ni PSMS Marinet F Ramos sa pamamatnubay ni PCol Julius C Suriben, Chief, RCADD, NCRPO kasama ang aktibong pamunuan ni PMGen Vicente Danao Jr, Regional Director, NCRPO.

Ang nasabing aktibidad ay naging matagumpay at walang nangyaring hindi kanais-nais na insidente dahil na rin sa seguridad na ipinamalas ng tauhan ng QCPD PS15 Station sa pamumuno ni PLt Michael Bautista, QCPD PS15 Station Commander.

"Ang pasko ay para sa mga bata", ito ay munting paraan ng pambansang pulisya upang maiparamdam sa mga bata ang diwa ng pasko sa kabila ng krisis na ating pinagdadaanan.

